

## **Ang Backyard Garden Program ng Brampton ay nagbibigay ng higit sa 10,000 libra ng ani para sa mga residenteng nangangailangan**

BRAMPTON, ON (Oktubre 20, 2020) – Ang Backyard Garden Program ng Lungsod ay kumpleto na ngayon, na may higit sa 10,000 libra ng bunga na ipinamigay sa mga residenteng nangangailangan mula Abril hanggang Oktubre 2020.

Ang Backyard Garden Program, na pinamumuan ni Konsehal ng Lungsod Doug Whillans, Wards 2 at 6, at pinadali ng Parks Maintenance and Forestry division ng Lungsod ay inilunsad noong Abril 15 bilang unang programa sa uri nito sa Canada bilang tugon sa COVID-19. Ito ay isang ekstensyon ng umiiral na programa ng Community Gardens.

Ang programa ay nagbibigay ng mga mapagkukunan ng pagkain para sa [Task Force ng Mayor sa Suporta sa Lipunan sa COVID-19](#), na nagpapadali sa kailangang mga panlipunang suporta para sa mga mahihinang komunidad ng Brampton.

Bukas sa lahat ng residente ng Brampton, binigyan ng programa ang mga residente ng lupa, mga pakete ng butil, at dumadaming payo para sa kanilang mga bagong hardin. Mula Abril hanggang Oktubre, Pinatubo ng mga residente ang kanilang sariling mga hardin sa likod-bahay, na ang ilan ay itinatabi ang kanilang ani at ang iba ay ipinamigay sa mga lokal na food bank at mga samahan ng komunidad, kabilang ang Knights Table, Regeneration, Khalsa Aid, at United Sikhs.

Bukod pa sa pagsuporta sa mga residente na nangangailangan ng sariwang ani, itong nakakabuti sa kapaligiran na inisyatiba ay humihikayat sa mga residente na manaitling aktibo sa panahon ng COVID-19, at suportahan ang kalusugan sa pag-iisip ng mga Bramptonian sa pamamagitan ng pagbibigay ng aktibidad sa bahay. Ito ay isa ring pagkakataon para sa mga hardinero sa unang pagkakataon na matuuto tungkol sa paghahardin at subukan ang bagong hobby.

Pinapasalamatan ng Lungsod ng Brampton ang mga tagasuporta nito na Scotts, Mattamy Homes, Paradise Developments, TACC Holborn Corporation, at Fieldgate Developments para gawing posible ang programa na ito.

### **Batay sa mga numero**

- Sa loob ng tatlong araw ng paglunsad ng programa, ang 6,000 residente ay nagpa-register.
- Higit sa 45 volunteer ay nagtrabaho nang 490 oras para tumulong sa paghahatid ng libreng mga butil sa mga kalahok.
- Ang staff at mga volunteer ay naghatid ng 3,057 yarda ng bulk na lupa; 8,553 bags ng lupa; at 15,162 pakete ng mga butil sa mga kalahok.

### **Mga Quote**

“Nakita natin ang di-kapani-paniwalang tugon sa Backyard Garden Program at ang liderato ni Konsehal Whillans, at ipinagmamalaki natin na ipinaglaban ang inisyatiba na ito sa Brampton bilang una sa uri nito sa Canada, na nagpapasigla sa mga lungsod sa malapit at malayo. Ang Task Force ng Suporta sa Lipunan sa COVID-19 ay nagbibigay ng kinakailangang mga suporta sa pagkain sa mga mahihinang

residente ng Brampton sa pamamagitan ng Knights Table at Regen sa panahon ng mahirap na panahon, at ang bawat isa na nagtanim at nagbigay ng ani ay nagpabawas sa presyur sa ating mga food bank, sumuporta sa ating kapaligiran, at ginawa tayong proud lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating pinakaunang Backyard Garden Program ay isang malaking tagumpay sa Brampton. Naghatid tayo ng mga butil at lupa sa libo-libong residente, na nakapagbigay ng higit sa 10,000 libra ng ani sa mga residenteng nangangailangan. Gusto kong pasalamatang ang bawat iisang residente at negosyo na bahagi ng inisyatibang nagpapabago na humihikayat sa bawat isa na maghardin, mag-enjoy sa labas, at magbigay sa komunidad sa taon na ito.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6, Lungsod ng Brampton*

“Nagpakita ang staff ng Lungsod ng napakalaking commitment at pagmamalasakit sa ating komunidad sa pamamagitan ng pagsisikap para ipatupad ang Backyard Garden Program, at labis tayong humahanga sa mga resulta. Ang Brampton ay isang Green City, na isang mahalagang prayoridad ng Termino ng Konseho, at ang programang ito ay nagpapanatiling aktibo sa mga residente at nagbigay ng seguridad ng pagkain sa mga indibidwal at mga pamilya sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang Backyard Garden Program ng Brampton ay isang magandang inisyatiba. Para sa mga mahihinang pamilya, mga indibidwal at mga senior na pinaglilingkuran natin, marami ang humaharap sa mga problema sa kalusugan. Ang mga sariwang prutas at gulay ay mahalaga para mapanatili sila sa mabuting kalusugan. Isang mahalagang mapagkukunan ang programa sa paghahardin na nagbigay ng napaka-kailangang ani sa mga sambahayan na hindi siguradong may pagkain.”

- *Annie Bynoe, Executive Director, Knights Table*

“Isang malaking tagumpay ang Backyard Garden Program ng Lungsod ng Brampton. Ang sariwang ani na natanggap ng Regeneration Outreach Community ay nagkaroon ng direktang epekto sa mga buhay ng mga Bramptonian na nag-access sa ating programa sa pagkain at sa emergency food bank. Tunay na nagpapasalamat kami sa bisyon ng Lungsod na hikayatin ang ating mga residente na lumahok.”

- *Ted Brown, CEO, Regeneration Outreach Community*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)